# Isang Bagong Patakaran Sa ekonomiya

Introduction

Alam natin na ang kayamanan ay nasusukat sa mga kalakal: pera, kotse, sapatos atbp. Kapag tumaas ang bilang at kalidad ng mga ito, tumataas ang yaman.

**Ngunit** salungat ang mga ekonomista. Sinasabi nila na maaari nilang paramihin ang yaman sa pagsira ng mga kalakal o sa paggawa ng mas kaunting mga kalakal sa mas mababang kalidad.

**Kung** gagamitin natin ang lahat ng teknolohiya, paggawa, at mapagkukunan, maaaring tamasahin ng buong mundo ang isang masaganang pamumuhay.

Ngunit sinabi ng mga eksperto na hindi ito makakabuti sa ekonomiya. Bakit?

**Dahil** ang mga ekonomista ay nagtatrabaho para sa mayayaman at hindi sa para sa mahihirap. Interesado lamang sila sa malaking kita para sa mga nagbebenta... kahit na nangangahulugan ito ng mas kaunting benta sa mas mataas na presyo.



Maaari nating ialay ang ating buhay sa pagkamatay para dito sa bagong kaayusan sa mundo, o maaari nating ialay ang ating buhay bawat araw sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang matiyaga at matapat upang magdala ng kaunting liwanag sa isang madilim na mundo.

**Tandaan**, kung binago mo kahit isang maliit na bahagi ng mundo, binago mo pa rin ang mundo. Ang malaking pagbabago ay mabagal at paunti-unti.


**Natutunan** namin na ang mensahe na ating ipinangangaral ay madalas na nagiging sanhi sa mga tao na magalit. Minsan hindi nila alam kung bakit ganoon ang kanilang naging reaksyon. Ngunit kung tiyak na ang ating motibo ay upang ipakita lamang ang pagmamahal, kung gayon kahit na ang isang **nagagalit** na tugon ay dapat na nakasisigla; pinatutunayan nito na ang ating mensahe ay tumatagos sa kanila.

Kapag ginawa na nila ang lahat upang pigilan tayo, at patuloy pa rin tayo sa pagmamahal, malalaman nila na ang pag-ibig ay mas makapangyarihan pa kaysa sa poot.



## Ano Ang Pera?

Bago pa umiral ang pera, sakim na ang mga tao. Ngunit may hangganan ang kanilang kasakiman. Kapag ipinagpalit mo ang mga manok sa mga sako ng trigo, may limitasyon kung gaano karaming manok ang maaari mong dalhin pauwi at panatilihin.




Totoo, ang ilan ay may higit pa, ngunit hindi mo maiisip ang sinuman na magkaroon ng isang milyong (lalo na bilyon) manok sa kanilang bakuran. At, kung ang iba sa iyong nayon ay nagugutom habang mayroon kang kahit isang libong manok, mahirap kumbinsihin ang iba na may karapatan ka sa **isang libong beses na higit pa sa kanila.**



Kung nagtatrabaho ka para sa pag-ibig, nagtatrabaho ka para sa Diyos. Naging responsibilidad Niya na ipagkaloob ang iyong mga pangangailangan. At natuklasan namin na ginagawa niya ito!

**Gayundin**, pumapasok dito ang Diyos kapag sinusubukan mong ipakita ang pagmamahal sa iba. Tanging Siya lamang ang nakakaalam sa hinaharap, at marami siyang ipinaliwanag tungkol sa pangkalahatang plano sa Bibliya.

**Ilan** sa magagandang parte upang magsimula kung nais mong pag-aralan ang aming teorya, ay ang ika-6 na kabanata ng Mateo (karamihan sa ikalawang kalahati) at ang ikaapat at ikalimang kabanata ng Santiago.

Marami pa kaming babasahin kung interesado ka.






## Trabaho vs Laro

Ang pagsusumikap para sa mas maraming pera ay hindi lamang nakakasakit sa mga natalo (mahihirap). Nasasaktan din ang mga nagwawagi, dahil ginawa silang miserable nito.

**Naglalaro** ang mga musikero, artista, atleta. Ang iba ay nagtatrabaho. Anong kaibahan? Ang "mga manlalaro" ay hindi tumatanggap ng sahod para sa napili nilang gawin at ginagawa ito ng "mga manggagawa". Ngunit kung may panahon, natututo ang mga tao na "maglaro" sa maraming mga aktibidad.

Nag-aaral ang mga preso ng batas; ang mga lola ay nagpipiloto; ang mga estudyante ay pumapasok sa pulitika; ang mga negosyante ay nagtatanim ng gulay. At ginagawa nila ito nang hindi pinangakuan na babayaran sila. Sila ba'y nagtatrabaho o naglalaro?

**Nagtatrabaho** sila habang naglalaro. Magdudulot ito ng pagiging malikhain, produktibo, o kapaki-pakinabang nang hindi nag-aalala kung binabayaran sila para rito.



Ang sinasabi namin ay higit sa magagandang salita para sa isang plataporma o isang bagong relihiyon. Ang pinag-uusapan namin ay tungkol sa isang komunidad ng mga taong tumatanggi na gawing motibo ang pera para sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay... mga taong humahangad upang gamitin ang **kanilang** mga lakas, at mapagkukunan upang ipakita ang pagmamahal sa iba.

Balang araw, ang pag-ibig na ito ay kakalat at aantig sa iba. Ang totoong pag-ibig ay higit pa sa mga emosyonal na kilig; ito ay babago sa mundo. Sa katunayan, ito ay mas makapangyarihan pa kaysa sa buhay mismo.

Kami ay nagsimulang magtrabaho para sa pag-ibig imbis na sa pera. Isinuko na namin ang lahat ng aming pag-aari at nakahanda kaming mamatay para sa pagmamahal.

**Natagpuan** na namin na ang naturang dedikasyon ay nagbibigay ng mga dibidendo sa bagay na kaligayahan sa loob, nadagdagan na kamalayan, at isang lubos na kasiyahan para sa buhay. Naniniwala kami na natagpuan namin ang sagot sa mga problema sa mundo.



## Saan Nagmula Ang Mga Giyera?

Para sa karamihan, nakikipaglaban tayo sa mga giyera sapagkat ang mga tao sa ibang bansa ay masama at dapat natin (mga mabubuti) silang pigilan. Ngunit hindi ganun kadali.

Tandaan na ang mga tao sa ibang bansa ay sinabihan ng parehong bagay tungkol sa atin!


**Ang** kasakiman ay ang malaking kahinaan ng kapitalismo; ngunit ito rin ang malaking kahinaan ng sosyalismo. Sinusubukan ng magkabilang panig na sirain ang isa't isa sa parehong dahilan... kasakiman. Ang mga digmaan ay karugtong lamang ng kasakiman na nagpapatakbo sa bawat antas ng lipunan. **Ngunit** mas madaling makita ang lubos na kahangalan nito kung titingnan natin ang pagkawasak sa giyera.

Nakakalungkot na ang mayayaman sa magkabilang panig ay hindi nakikipaglaban sa kanilang sariling mga giyera. Sa halip, isinasakripisyo nila ang buhay ng mga mahihirap sa kanilang paghangad ng higit na kapangyarihan.



Parehong mga hidwaan ang nangyayari sa ating bansa, sa mga labanan sa pagitan ng mga employer at empleyado. At ito rin ay nangyayari sa loob ng pamilya at indibidwal sa patuloy na pagtatalo at masamang hangarin.

**Ang** seksismo, diskriminasyon, generation gaps, ang lahat ay nakakasira sa sarili. Ang pagpasa ng sisi sa iba ay nagmula sa pagnanais na ipaliwanag ang kapanglawan na iniwan ng kasakiman sa ating sariling mga espiritu.



Para sa iyong katinuan, para sa pagkakaisa sa iyong pamilya, para sa kaunlaran ng bansa, at para sa kaligtasan ng sangkatauhan, ang isang tao ay dapat magsimulang magdeklara ng digmaan laban sa kasakiman... bago pa natin sirain ang ating sarili!

## Ang Gastos

Hindi makatotohanang asahan na ang karamihan ay mabilis na tatanggapin ang aming bagong patakarang ito. Matagal na nilang kinokondisyon ang mga tao laban dito.

Upang tunay na baguhin ang mundo, kailangan mong baguhin ang puso ng mga tao, at iyan ay napakahirap gawin. Ngunit huwag kailanman maliitin ang magagawa ng isang buhay. Ang mga tao tulad nina Gandhi, Socrates, at Jesukristo ay may malakas na impluwensya sa kasaysayan dahil naniniwala sila sa ilang mga **bagay na mas mahalaga pa kaysa sa buhay.**

Isa lamang sa mga nasabing indibidwal sa mundo ngayon ay maaaring gumawa ng isang malaking pagbabago; at dalawa o tatlo... o kahit isang dosena ay maaaring maging sapat upang magsimula ng isang espiritwal na rebolusyon na maaaring magpapabago sa buong mundo.

Mayroong mga hukbo ng mga taong handang pumatay para sa kanilang pinaniniwalaan. Bakit hindi isang hukbo ng mga taong handang mamatay para sa kanilang pinaniniwalaan?



Mas malaki ang kikitain ng mga negosyante sa pagsira sa kalahati ng ani sa tripleng halaga. Maaaring magutom ang kalahati ng populasyon, ngunit sasabihin ng mga ekonomista na nadagdagan nila ang yaman ng bansa. Kalog ang utak nila 'di ba?




Nagkamali silang pagkamalan na ang pera ay kayamanan. At halos walang sinuman ang may tapang na itama ang kanilang pagkakamali. Ngunit isipin mo ito: Hindi mo makakain ang pera. Makakatulong lamang ito kung ipambili mo. Ngunit kung magpapatuloy tayo sa kasalukuyan nating mga patakaran sa **ekonomiya,** kakaunti na lang ang mga maipagpapalit para dito.



Hindi masasagot ng leaflet na ito ang lahat ng iyong katanungan. Kung mayroon man o interesado ka sa mensaheng ito, mangyaring sumulat sa email address sa ibaba o mag-message sa aming Facebook page.

**I-SCAN PARA AMING WEBPAGE**

ReachTheWholeWorld@Gmail.com

@IsangTinigSaDisyerto

# Isang Bangong Patakaran Saekonmonica



## Isang Bagong Motibo

Bagaman maraming kritisimo sa "space-race" noong 1960's at 1970's, napunan nito ang pangangailangan ng tao sa mas positibong paraan kaysa sa Vietnam. Ang Kennedy's Peace Corps ay nag-alok ng pag-asa na maging isang mas mahusay na kahalili sa giyera. (Siyempre, ang mga programang ito ay naging **matagumpay** lamang hangga't pinapayagan ng masa. Ang pagiging malikhain, pakikipagsapalaran, at pagmamahal ay hindi nakasalalay sa suporta mula sa gobyerno.)

Ang tao ay nasisiyahan sa mga pagsubok. Kung hindi tayo aktibong nagtatayo, aktibo tayong sumisira. Madalas nating iniisip na ang paraan upang maitayo ang sarili ay sirain ang iba.

Ang kailangan ay isang pananaw at isang dedikasyon na parehong positibo at kumpleto. Naniniwala kami na ang layunin ay dapat na lubos na pagmamahal... para sa lahat ng sangkatauhan. Ang ating agresyon ay dapat idirekta laban sa mga kasinungalingan at panlilinlang na sumisira sa mundo (ngunit **hindi** laban sa mga taong nagsasabi at naniniwala sa mga kasinungalingan).



Ang ilang tao ay masaya sa kanilang mga trabaho at hindi nila ito ipagpapalit. Ang mga maswerteng nagtatrabaho/manlalaro na ito (na nagkataon lamang na sumasahod) ay mas maaasahan, nakatuon, at kontento kaysa sa kanilang mga kasamahan sa trabaho.

Kung ang bawat tao'y gagawin ang nais nilang gawin, magiging mas produktibo, at yayaman ang lipunan dahil dito. Ngunit kinumbinsi ng mito ng pera ang mga tao na dapat nilang gugulin ang kanilang buhay sa paggawa ng pera sa halip na maging masaya at produktibo.

Ang mga taong hindi makahanap ng paraan upang kumita ng pera (o ayaw magkapera) ay pinaparamdam sa kanila na wala silang silbi. Mas masahol pa rito, sinabihan sila na nagkasala sila sa mundo na nagpapakain sa kanila. Hindi isinaalang-alang kung gaano ka-malikhain, o ka-produktibo ang mga hindi **sumasahod.**

Kung ang pinakamagaling na manggagawa ay ang mga manlalaro, sikapin nating hikayatin ang mga tao na maglaro, sa halip na kondenahin ang iilan na gumagawa.



## Ang Pinagkunan

Ito ang laging pinaka mahirap na bahagi upang iparating: Ang mga bagay sa buklet na ito ay talagang nagmula sa mga itinuro ni Jesukristo. Tama ka; kami ay mga Kristiyano.

**Pakiusap**, huwag kaming pagkamalan sa lahat ng tinatawag na Kristiyanismo ngayon. Nagsabi si Hesus ng mga bagay na kamangha-mangha, kung seseryosohin lang siya ng mga tao. Tinawag niya itong isang bagong patakarang pang-ekonomiya bilang "mabuting balita ng Kaharian ng Diyos."

Mahalagang isama natin ang Diyos dito para sa ilang mga kadahilanan.

Kung hindi tayo nag-iingat, maaari tayong magtapos sa pagbitaw sa pera at mag-aaway sa mga bagay na mabibili nito. Kagaya ng mga kalakal na mas mahalaga kaysa sa pera, ang Diyos ay mas mahalaga kaysa sa mga kalakal. Siya ang mapagkukunan ng lahat ng totoong kayamanan.

Ang argumento, "Kung hindi natin aalagaan ang ating sarili, sino pa?", ay may sagot kapag isinama mo ang Diyos dito.



Tapos may nag-imbento ng pera. Ito ay mas madaling dalhin, imbakin, lalong madaling itago. Sa sapat na pera, mabibili mo ang mundo nang hindi mo inilalagay sa iyong bakuran.

Ang mga mahihirap ay magtrabaho o magnegosyo sa iyong gusali, o magmaneho sa iyong kalsada sa kotse na pinondohan ng iyong bangko, at hindi magagalit kung gaano ito hindi makatarungan.

**Ngayon** ang mayayaman ang kumokontrol sa media, edukasyon, relihiyon, at maging sa gobyerno. Napaniwala nila tayo na may karapatan silang sirain ang mundo upang madagdagan pa ang kanilang kayamanan.

**Masahol** pa rito, lahat tayo ay naloko sa paglalaro ng kanilang laro. Naniniwala na tayo ngayon na ang pera ang susi sa kaligayahan. Nawalan ng kamalayan ang buong sangkatauhan sa katotohanan dahil sa ating pagkahumaling sa pera. Ito ay kabaliwan!